FILE COPY

RIZAL SG - SECRETARIAT
RECEIVED
JUN 0 8 2023
BY: [illegible] TIME: 11:40

Republika ng Pilipinas
**PAMAHALAANG BAYAN NG TERESA**
Province of Rizal
Municipal Hall, Corazon C. Aquino Ave., Barangay Poblacion, Teresa, Rizal-1880
sbteresa_rizal@yahoo.com
Landline No. (02) 82506800 Local 530

## IKA-28 SANGGUNIANG BAYAN

**SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-45 NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG TERESA, RIZAL NA IDINAOS SA ARAW NG LUNES, IKA-8 NG MAYO 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN**

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Freddie L. Bonifacio | . . . . . . . . . . . . | Pangalawang Punong- bayan |
| Kgg. Fernand N. Dela Cruz | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Fernando P. Lopez | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Hoaward C. Francisco | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Suzette Anne F. Selibio | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Joker A. Santos | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Nemen M. San Jose | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Victorius Joshua T. San Jose | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Leo D. Fullente | . . . . . . . . . . . . | Konsehal |
| Kgg. Jose M. Manlangit | . . . . . . . . . . . . | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Jerrie Vonn F. Bertiz | . . . . . . . . . . . . | Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

PANUKALANG KAUTUSAN BLG. 32, S. 2022
May-akda: Kgg. Nemen M. San Jose
Isponsor: Committee on Ordinances and Resolutions and Legal Matters together with Committee on Transportation and Communication

## PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 19, S. 2023

**ISANG KAUTUSANG NAG-AAMYENDA NG ARTIKULO VII SEKSYON 4 AT SEKSYON 6 NG PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 16, S. 2018 O MAS KILALA SA TAWAG NA BATAS PANTRAYSIKEL NG TERESA, RIZAL**

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Teresa, bilang mambabatas ng Bayan ay may kapangyarihang mag-amyenda o magbigay-wasto sa kasalukuyang umiiral na ordinansa na nagbibigay ng prangkisa sa kondisyon at hangarin na nauukol sa pagtataguyod sa kapakanan ng bayan at mamamayan na nasasaad sa talata 3, tala-talataan VI sa ilalim ng Seksyon 458, ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng traysikel ay isa sa pinagkukunan ng pagkakakitaan at ikabubuhay ng ilan sa mga mamamayan sa bayan ng Teresa;

SAPAGKAT, kinakailangan amyendahan ang Artikulo VII, Seksyon 4 at Seksyon 6 ng Pambayang Kautusan Blg. 16, S. 2018 o mas kilala sa tawag na Batas Pantraysikel ng Teresa, Rizal;

SAPAGKAT, nagkaroon ng pagkonsulta sa publiko patungkol sa nabanggit na kautusan, kung saan ito ay dinaluhan ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan kasama ang mga Kapitan ng Barangay, miyembro ng PMTR, TTFRB at ilang mga mamamayan, matapos ang talakayan, suhestiyon at pagbibigay ng linaw ang panukalang pag-aamyenda ay inaprubahan.

IPINAPASYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pag-aamyenda ng Artikulo VII, Seksyon 4 at Seksyon 6 ng Pambayang Kautusan Blg. 16, S. 2018 o mas kilala sa tawag na Batas Pantraysikel ng Teresa, Rizal:

***ARTIKULO VII***
***SEKSYON 4: MGA BAYARIN***

| *MOTORIZED TRICYCLE (FOR HIRE)* | *HALAGA* |
|---|---|
| *1. Registration/ renewal (franchise)* | *Php180.00 + 20/1 taon* |
| *2. Sticker* | *Php 80.00* |
| *3. TTFRB Supervision Fee* | *Php 50.00/1taon* |
| *4. Special Permit* | *Php 300.00/buwan* |
| *5. Transfer of Ownership* | *Php 200.00* |
| *6. Change of area zone operation* | *Php 500.00* |
| *7. Change of Unit* | *Php 200.00* |
| *8. Dropping* | *Php 200.00* |
| *9. Certification (Inspection)* | *Php 20.00* |
| *10. At iba pa na maaring itakda ng TTFRB, tulad ngunit di limitado sa plaka stickers at iba ang gamit* | |

**SEKSYON 6**

1. *Awtomatikong pagkawalang bisa at kanselado ang prangkisa ng traysikel pagkatapos ng limang (5) taon mula sa petsa ng pag-isyu.*

Ang bisa at pagsasakatuparan ng Kautusang ito ay makalipas ang labinlimang (15) matapos mailagay sa mga bulletin board sa tatlong (3) pampublikong lugar sa bayan ng Teresa.

* * * * * * * * * * * * * * * * *

Ito ay pagpapatunay ng pagiging tama ng nabanggit na Pambayang Kautusan na isinabatas ng Sangguniang Bayan sa Ika- 45 na regular na pagpupulong na ginanap noong **ika-8 ng Mayo 2023 sa Bulwagang Pulungan ng Pamahalaang Bayan**.

**TESALONICA SM. ESPIRITU SANTO**
Pambayang Kalihim

**PINATOTOHANAN:**

**FREDDIE L. BONIFACIO**
Pangalawang Punong-bayan

**PINAGTIBAY:** 10 MAY **2023**

**RODEL N. DELA CRUZ**
Punong-bayan